# THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?



3 FIBERGLASS BOAT MAKING TRAINING, BINISITA NG MAYOR NG CALAPAN



VOLUME 2 No. 27 May 15, 2023 - May 21, 2023





# RELIEF GOODS, PATULOY ANG PAMAMAHAGI SA MGA MANGINGISDANG APEKTADO NG OIL SPILL

ITO NA ANG IKA-APAT NA BESES ng pamamahagi ng relief goods sa mga mangingisdang naninirahan sa coastal areas ng Lungsod ng Calapan.

Muling pinangasiwaan ng City Social Welfare and Development Department sa pangunguna ni CSWD Officer Juvy Bahia ang pamamahagi ng ayuda na nagmula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) at Provincial Government of Oriental Mindoro (PGOM).

May 226 na pamilya na nakatira sa Barangay Ibaba East at 219 naman mula sa Ibaba West ang nakatanggap ng tig iisang kahon na naglalaman ng bigas at grocery items galing sa DSWD samantalang tig-iisang food packs din kada pamilya ang ipinagkaloob ng kapitolyo sa pamamagitan ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor.

Dumalo sa nasabing gawain si City Mayor Malou Flores-Morillo upang kamustahin na rin ang kanyang mga minamahal na kakabayan. Dito ay tiniyak ni Mayor Malou na ang Pamahalaang Lungsod ay patuloy na mamamahagi ng ayuda sa mga apektadong mangingisda habang ang 23 coastal barangays sa lungsod ay nananatiling nasa ilalim ng *'State of Calamity'*. Kanya ring binigyang-kasiguruhan na ang lahat ng mga mangingisdang Calapeño ay malayang mangisda sa lugar pangisdaan ng mga munisipalidad sa lalawigan na sa ngayon ay hindi na kontaminado ng oil spill.

Ipinagpasalamat naman ng mga benipisyaryo ang mga ayudang kanilang natanggap na anila'y malaking katulungan para sa kanilang pamilya lalo pa't hindi pa rin nanunumbalik ang dating kondisyon ng karagatang sakop ng Lungsod ng Calapan na kung saan ay dito nila kinukuha ang ikinabubuhay ng kanilang mga pamilya (Junard Acapulco/ CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Si Visionary Leader, Governor Humerlito Bonz Dolor na kasalukuyang Vice-President for Luzon (South) ng League of Provinces of the Philippines (LPP) habang nakikipagdaupang palad sa pambihirang pagkakataon sa kagalang-galang na Pangulo ng Pilipinas, Ferdinand *"Bongbong"* R. Marcos, Jr. sa pagdalo nito sa 4th General Assembly ng naturang liga sa Royce Hotel, Clark Freeport Zone Pampanga noong Mayo 19.

Matatandaang isa lamang sa mga napakahalagang katangian ng isang mahusay na lider sa mga lokal na pamahalaan ay marapat na may matibay na ugnayan sa mas mataas na pamahalaan para sa mga mahahalagang konsultasyon at malaking suporta sa mga proyektong maaaring dalhin sa ating probinsya. Higit pa rito ay ang tiwalang kusang ibinibigay ng kasalukuyang administrasyong Marcos dahil sa kapasidad at sinseridad ng kasalukuyang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gov. Bonz na higit pang mapaunlad ang kabuuan ng Oriental Mindoro.

Maliban pa rito, ang pagkakataong makapagbahagi at mabahaginan rin ng kapwa gobernador mula sa ibat- ibang probinsya sa buong bansa ng mga kaalaman ukol sa wasto at maayos na pamamahala. (PIO Calapan)






TINGNAN: Buo ang suporta ng pamunuan ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor at Vice Governor Ejay Falcon sa mga atletang Mindoreño na lalahok sa gaganaping MIMAROPA Regional Athletic Association (MRAA) Meet noong Mayo 23-26 sa Romblon Romblon.

Naglaan ang Pamahalaang Panlalawigan ng P 13M pondo mula sa Special Education Fund (SEF) para sa naturang sports event kung saan kasama ang mga kagamitan at iba pang pangangailangan ng mga atleta sa pagsasanay at sa mismong kompetisyon.

Samantala, nauna na rito, ginanap ang MRAA Athletics Games sa Oriental Mindoro National High School noong Mayo 1-4 at MRAA Meet Swimming Competition sa Romblon, Romblon noong Mayo 1-6 kung saan napagkalooban na ng Pamahalaang Panlalawigan ng cash incentive ang mga atletang nakakuha ng medalya at sa kani-kanilang mga coach. Nakakuha ng 10 gold medal, 14 silver medal at 21 bronze medal ang koponan ng Oriental Mindoro sa athletics samantalang nagkamit naman ng dalawang gold medal, 13 silver medal, at 10 bronze medal sa Swimming Competition.

Ang pagkakaloob ng insentibo sa mga atleta at coach ay naaayon sa Provincial Ordinance No. 27-2012 na inakda ni Governor Bonz noong siya ay Bise-Gobernador pa lamang na nagbibigay ng insentibo sa mga atleta at coach dahil sa kanilang pagsisikap na makapagbigay ng karangalan sa Oriental Mindoro sa larangan ng sports. (PIO Calapan)




**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**



# FIBERGLASS BOAT MAKING TRAINING, BINISITA NG MAYOR NG CALAPAN

*"BANGKA MO, GAWA MO"*

Bumisita si City Mayor Marilou Flores-Morillo sa Brgy. Mahal na Pangalan, kasama ang mga kawani ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) MIMAROPA Region sa pangunguna ni Regional Director Emmanuel H. Asis, DFT, CESE, para bisitahin ang Fisherfolks na apektado ng oil spill na tinutulungang magkaroon ng sariling bangka, sa pamamagitan ng *"Fiberglass Boat making Training"*, isinagawa noong ika-12 ng Mayo.

Ang mga benepisyaryo ng programang ito ay mula sa Oriental Mindoro at 5 rito ay mula sa Lungsod ng Calapan, kung saan sa unang bahagi, 25 na benepisyaryo ang gumawa ng kanilang sariling bangka, simula noong ika-1 hanggang 15 ng Mayo, samantalang sa ikalawang bahagi, panibagong 25 na benepisyaryo muli ang gagawa ng kanilang sariling bangka simula noong ika-16 hanggang 31 ng Mayo.

Kaugnay nito, naisakatuparan ang aktibidad na ito sa pagtutulungan ng BFAR Central Office, BFAR Regional Office, Malampaya, at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), kung saan ang mga benepisyaryo ay sinasabing makatatanggap din ng NC II Certificate at mayroon din silang matatanggap na sweldong P355 kada araw. (CIO Calapan)



# PAGDIRIWANG SA BISPERAS NG FIESTA NG BRGY. PATAS, DINALUHAN NG CALAPAN MAYOR






*"ITO ANG PANAHON NG PAGKAKAISA SA BARANGAY..." — City Mayor Marilo Flores-Morillo.*

Masayang nakiisa si City Mayor Malou Morillo sa pagsalubong ng kapistahan ng Barangay Patas at sa kanilang Grand Coronation Night matapos maimbitahan nina Kapitan Feliciano Sandoval at Hermano Mayor Florencio Silang, ika-13 ng Mayo.

Bago ang koronasyon, inimbitahan ng Pamilya Silang sina Mayor Morillo, na kasama ang kaniyang asawang si Mr. Ephraim Morillo, at si City Information Office Supervising Head Mr. Baron Venturina, sa kanilang tahanan.

Matapos nga ang mahigit apat na taon, kinoronahan na nina Mayor Morillo at Mr. Silang ang bagong Reyna ng Patas na si Nina Carla Agena Luzon, 10 taong gulang.

Samantala, kinoronahan din ang 1st and 2nd Princess na sina EJ R. Gaa at Tiffany Maurjhon M. Abac.

Doon nga ay nakilala at humanga din si Mayor Morillo kay Ms. Pamila Engelista Ampong na siyang Grand Winner ng The Voice Patas (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 27 May 15, 2023 - May 21, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY SAN ANTONIO AT SALONG*

UMARANGKADA ang Serbisyong TAMA Barangay Caravan sa Covered Court ng San Antonio upang ibaba ang mga serbisyong pampubliko sa mga Calapeñong taga-San Antonio at Salong, ika-15 ng Mayo.

Bago magsimula, doon din isinagawa ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ang kanilang Flag Ceremony sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at mula sa Sangguniang Panlungsod, naroon din si Konsehal Charles Pansoy.

Ipinamahagi din sa caravan ang mga gatas na handog para sa mga Senior Citizens at mga relief goods mula sa Philippines Amusement and Gaming Corporation o PAGCOR para naman sa mga Persons with Disability.

Ilan nga sa nagbaba ng serbisyo ang City Agricultural Services Department, PWD Office, Office of the Senior Citizens' Affairs, City Health and Sanitation Department, City Vetenirary Services, City Social Medial Health Care Office, City Social Welfare and Development Department, City Assesor's Department, City Legal Department, Business Permit and Licensing Office, City Treasury Department, at City PESO.

Nakiisa din ang SSS, PhylSys, PhilHealth, Department of Trade and Industry, PAG-IBIG, Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, at Philippine Coast Guard.

Kasabay nito, pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang Sectoral Consultation kasama ang Sangguniang Barangay sa pamumuno nina Kapitan Dennis Nonescan ng San Antonio at Kapitan Danilo Cyrus Espinosa ng Salong, at mga kinatawan ng ilang sektor.

Dito ay napag-usapan at tinalakay nina Mayor Morillo, Department Heads sa pangunguna ni City Administrator Reymund Al Ussam, DILG City Director Ivan Fadri, PNP, at PCG kung ano ang nararapat gawin upang masolusyonan ang ilang mga isyu sa sa barangay partikular na sa mga kabataan, kababaihan, illegal settlers, at mga benepisyong pangkalusugan (Thea Marie J. Villadolid/ CIO).





